# Panimulang Panayam

# Ang Sentenaryo ng Imperyalismong U.S. sa Pilipinas: *Sanhi at Bunga ng Mahabang Pagkaalipin*

BIENVENIDO LUMBERA, PH.D.*

The exploitative ties between the Philippines and the United States of America have reached its centenary at this time. This paper discusses the ways and means through which US imperialism manipulates or influences the political, economic, and social fundamentals of the Philippine state. Although history has proven that leaders of this century however anti-imperialist they may be prior to their election as chief executives eventually become allies of the United States.

The United States have socialized the Filipinos into wanting and viewing as a necessity the things associated with America and its culture. They have done this through the establishment of their colonial system of education that focuses more on influential primary courses with the least reference to Philippine ideals, heroes, and history.

---

* Kasalukuyang propesor *emeritus* ng Departamento ng Filipino at Panitikang Filipino. Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

SANDAANG TAON NANG NAGHAHARI ang imperyalismong U.S. sa Pilipinas, at sinadya man o hindi, tayong mga Pilipino ay nakipagtulungan sa imperyalista sa pagpapatagal ng kanilang paghahari. Pinahintulutan ng Tratado ng Paris noong 1898 ang pag-angkin ng Amerika sa Pilipinas, at noong 4 Pebrero 1899 tahasang gumamit ng dahas ang mga Amerikano upang kubkubin ang Pilipinas. Tinawag ng mga bagong kolonyalista ang paglaban ng mga Pilipino na "insureksiyon," at iyan ang matuwid na iginiit nila sa kanilang pamamaslang, pagtortyur at panunuog sa lupain ng mga ninuno natin. Ito ang unang hakbang ng imperyalismong U.S. sa mahabang kasaysayan ng panlilinlang na bumura sa mga krimen ng mga puwersang militar ng Estados Unidos sa Pilipinas at nagpalaganap sa Amerika at sa Pilipinas na rin ng baluktot na mito ng "benevolent assimilation."

Isa na namang kasinungalingan ang pinagbatayan ng pagyayabang na naigupo na ang "insureksiyon" ng mga Pilipino nang ipahayag ni Presidente Theodore Roosevelt ang pagsapit ng kapayapaan sa Pilipinas noong 4 Hulyo 1902. Ang katunayan, malaganap pa ang paglaban sa mga bagong kolonyalista sa iba't ibang dako ng Pilipinas gaya ng pinatutunayan ng *Brigandage Act* (1902), na napilitang ipasa ng administrasyong kolonyal upang mapagtakpan ang realidad na may mga rebolusyonaryo pang tulad nina Artemio Ricarte at Macario Sakay na nagkukuta sa kabundukan at patuloy na humahamon sa kapangyarihang Amerikano. Katunayan din ang pagpasa ng *Reconcentration Act* (1903) na nag-atas na paalisin sa kanilang mga bukirin ang mga magsasaka sa mga lugar na pinamumugaran ng mga gerilya at tipunin ang mga ito sa kabayanan upang maibukod ang mga gerilya sa mga karaniwang mamamayan.

At noong 1907, bagong kasinungalingan ang ipinang-akit kay Heneral Sakay upang ito ay bumaba ng bundok at umasang mapapayapa ang mga mamamayang pinahihirapan ng mga kolonyalista. Sa halip na negosasyon ang kinaharap ni Heneral Sakay, bibitayan ang kanyang kinasapitan. Nang sa taon ding iyon ay itayo ang Assamblea Nacional, binitag ng ilusyon ang mga makabayang ilustradong lumahok sa eleksiyon, sinilaw sila ng pag-asang sa pamamagitan ng kampanyang parlamentaryo ay kakamtin ng bayan ang kalayaan. Sa kabilang dako, ang

nakararaming mamamayan ay naiwang walang lideratong magmumulat sa kanila sa wastong landas tungo sa paglaya. Ang puta-putaking mga pag-aalsa ng mga milenaryong grupo sa iba't ibang bahagi ng bansa ay tanda ng di-napugtong pag-asam sa kalayaan ng mga mamamayang inabandona ng lideratong kanilang pinagkatiwalaang makikipaglabang katabi nila para sa kalayaan.

Sa ganyan nasimulan ang kakutya-kutyang tradisyon ng pagkabihag ng lideratong ilustrado, na sa panahon ng Republika ay paulit-ulit na nagpakasangkapan sa mga kinatawan ng imperyalismong U.S. Magugunita na kumampanya si Presidente Manuel Roxas para baguhin ang Konstitusyon upang mapagbigyan ang kahingian ng *Bell Trade Relations Act* na magkamit ang mga mangangalakal na Amerikano ng karapatang pantay sa karapatan ng mga Pilipino sa pagbungkal sa likas na yaman ng ating mga kabundukan at karagatan. Sa panahon ng panunungkulan ni Presidente Quirino, naging pugad ng Counter Intelligence Agency (CIA) ang *Department of National Defense,* at nang sumiklab ang digmaang sibil sa Korea, nagpadala ang Pilipinas ng isang batalyon upang suportahan ang pakikialam ng U.S. sa alitang internal ng mga Koreano. Sa ilalim ng administrasyon ni Presidente Ramon Magsaysay, hayagang nakialam ang CIA sa patakarang panlabas at pati panloob ng Republika - naging lagusan ng pagkilos ng U.S. laban sa komunismo sa Vietnam ang bansang Pilipinas, at pati ang pagbalangkas ng mga programang ekonomiko laban sa kahirapan ay pinakialaman nito upang payapain ang naghihikahos na kanayunan. Upang patunayan na nasa panig ng imperyalismong U.S. ang kanyang administrasyong nagpanukala ng *"Filipino First"* sa larangan ng ekonomiya, ipinasa ni Presidente Carlos Garcia ang *Anti-Subversion Law* bilang katibayan na sa *Cold War,* nasa kampo ng U.S. ang Pilipinas. At nang manungkulan si Presidente Diosdado Macapagal, ang unang ginawa niya ay ang pagpapahintulot ng *decontrol* na siyang pinakamimithi ng mga empresang Amerikano upang mailuwas ang lahat ng tinubo nila sa loob ng panahong ipinatupad ng gobyerno ang kontrol sa *foreign exchange,* bagay na nagbunga ng krisis sa kabuhayan ng sambayanang Pilipino nang biglang bumagsak ang halaga ng piso. Umakyat si Presidente Ferdinand Marcos sa kapangyarihan, at

ang kanyang alay sa imperyalismong U.S. ay ang pagbubukas pang lalo ng pinto ng ekonomiya sa pagdagsa ng mga empresang dayuhan sa ngalan ng *national development*. Nang ipataw ni Presidente Marcos ang Martial Law, ang isang pangunahing dahilan ay ang pagnanasang garantiyahan na ang mga dayuhang empresa ay makapagpapayaman sa Pilipinas na ligtas sa mga sagabal na likha ng kilusang pambansa-demokrasya.

Tila ang pinakamatingkad na pruweba ng pagkabihag ng liderato ng bansa sa kapangyarihan ng imperyalismong U.S. ay ang pagpapailalim ng presidenteng iniluklok ng pag-aalsang EDSA sa diktasyon ng mga Amerikano. Si Presidente Corazon Aquino, na kayang-kaya sana na igiit ang kapakanan ng sambayanang nagluklok sa kanya sa kapangyarihan, ay walang-pasubaling ipinaglaban ang pananatili sa Pilipinas ng mga base-militar ng mga Amerikano. Hinangad ng administrasyon ni Presidente Fidel Ramos na higitan ang lahat ng naunang mga pangulong nagpatuta sa imperyalismong U.S. Ang kumperensyang APEC na idinaos sa Pilipinas ay naging okasyon upang ipakilala niya na mapagkakatiwalaan siya ng *IMF-World Bank* na isulong ang globalisasyong pakana ng mayayamang bansa upang kontrolin ang ekonomiya ng buong daigdig. At sa kasalukuyan, kauupo pa lamang ni Presidente Joseph Estrada sa Malakanyang ay kinailangan na niyang baguhin ang kanyang astang anti-imperyalista noong hindi pa siya presidente. Masugid niyang ikinakampanya ang pagtanggap ng "masa" sa *Visiting Forces Agreement*, na magpapabalik sa Pilipinas sa mga dayong hukbo na isa siya sa mga nagtaboy noong 1991.

Hindi mahirap tukuyin kung ano ang sanhi ng mahabang pagkaalipin ng ating mga pinuno. Kailangan lamang balikan ang mga salita ng nangaunang administrador na kolonyal, at kaagad ay matatalos natin kung paano nalubos ang tagumpay ng imperyalismong U.S. sa pagpapaamo sa mga Pilipinong nabigyan ng mga Amerikano ng kapangyarihan.

Ayon sa unang gobernador na Amerikano, si William Howard Taft, magkaakibat ang kalakalan at edukasyon: *"It is my sincere belief that when America shall have discharged her duty toward the Philippines, she shall have reduced the tariff, and made the commercial*

*bonds between the two countries close and profit-giving to both, the Filipinos will love the association with the mother country, and will be the last to desire a severance of those ties..."* Kailangan, anya, na isulong ang kapakanang materyal at intelektuwal ng mga katutubo dahil sa ganito magaganap ang pagkakatali ng mga Pilipino sa kanilang kongkistador: *"(This policy) will develop wants on their part for things which in times of poverty they regard as luxuries, but which, as they grow more educated and as they grow wealthier, become necessities."* Mahihinuha natin mula sa bibig ng opisyal na naglatag ng pundasyon para sa relasyong Pilipino-Amerikano sa simula pa lamang, na pangunahin sa isipan ng mga kolonyalista ang tambalang edukasyon-eksploytasyon. Samakatwid, habang pinagbibigyan ng edukasyon ang mga pangangailangang materyal at intelektuwal ng mga Pilipino, lalo pang nagiging bukas sila sa mga kaalwanang dulot ng mga produktong ipagbibili sa kanila ng Amerika.

Noong 1925, ang *Monroe Survey Report* sa edukasyon ay naglabas ng mga puna sa sistemang pinairal ng kolonyal na administrasyon sa mga unang dekada ng pananakop. Mula sa mga puna, mahahango natin kung ano-ano ang mga sangkap ng edukasyong humubog sa isipan ng mga nangaunang pinunong Pilipino:

1. *"The books now used in the school are cast from American models. These very books are now used as textbooks by American children in the United States. The Philippine edition is but a slight modification. The whole course of study, reading books included, reflects American culture."*

2. *"As now organized and administered, (the secondary curriculum) reveals altogether too clearly American parentage. The textbooks and materials of instruction are adapted to the needs of American high-school pupils and reflect American conditions."*

3. *"In no one of the textbooks (on Philippine history in high school) which are used in these courses and which really determine what is taught, is there a comprehensive description and interpretation of Filipino life and culture... One seeking to*

*learn of the life of the Filipinos may read all of these volumes in vain, for they describe but the shell in which that life is lived."*

4. *"The textbook used in this course (Natural Sciences) is aptly entitled "The Science of Everyday Life," but it is the science of everyday American life, and American life is very different from Filipino life."*

Ang mga puna ng Monroe Survey Report ay naglalarawan ng realidad ng kolonyal na edukasyon na humubog sa kamalayan ng mga Pilipinong produkto ng sistema ng edukasyong itinayo ng mga Amerikano. Noong 1931, isang pag-aaral tungkol sa migrasyon ng mga Pilipino papuntang U.S. at Hawaii ang nagsaad ng ganito: *"The school system has changed social standards, but economic standards lag behind. Thus the discontent which leads to the desire to find that land where their new social standards can be gratified in a society which provides economic stability."* May mag-asawang edukador, sina Austin at Josephine Craig, na nagsabing *"Since 1922, the policy and practice of the American-controlled Bureau of Education has been - in the primary courses where the Filipino children are in the greatest number and most susceptible to influence – to postpone and minimize reference to Philippine ideals, heroes and history."*

Noong 1942, mayroon tayong matutunghayang lagom ng naging bunga ng kolonyal na sistema ng edukasyon sa libro ni Joseph R. Hayden, na pinamagatang *The Philippines: A Study in National Development*. Buong pagmamalaking inilahad ni Hayden ang "indoktrinasyon" na pinagdaanan ng mga Pilipino sa mga paaralang itinayo ng mga Amerikano. Anya, *"It has been the English language and the very struggles necessary to acquire it that have brought to the Filipinos whatever ideas of value they have added to their national culture through their connection with the United States.. The use of English brought the Filipinos to the Americans and their culture; contact in the native languages would very largely have reversed the process."*

Kasaysayan, politika at edukasyon. Narito ang tatlong puwersang kailangan nating pagtuunan ng pansin upang maging epektibo ang ating pagbaklas sa imperyalismong U.S. sa Pilipinas. Sa kumperensyang tulad ng sa atin, iba-ibang pag-aaral at

pananaliksik ang ilalatag sa harap natin. Suriin natin ang kasalukuyang kalagayan ng sambayanan ngayong sandaang taon nang pinagsasamantalahan tayo ng imperyalismong U.S. At mula sa pagsusuring iyan, hanguin natin ang anumang sandatang epektibo nating magagamit upang kamtin ang ating pambansang kalayaan at demokrasya.